Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ. LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 31 NG ENERO, 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Kagawad |
| Kgg Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg Ricardo B. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad |
| Kgg Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 028-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 3-T'2001/ ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 2-T 2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY BAGUMBAYAN NA NAGPAPATIBAY NG HALAGANG TATLONG DAANG LIBO, DALAWANGDAAN PITUMPU'T DALAWANG PISO (P300,272.00) MULA SA 20 BAHAGDANG KABAHAGI NG RENTAS INTERNAS UPANG ILAAN SA MGA PROGRAMA, PROYEKTO AT GAWAING PANGKAULARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY SA TAONG 2001.*

*SAPAGKA'T* sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 3-T'2001 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 2-T'2001 ay pinagtibay ng Sangguniang Barangay ang halagang nakasaad sa itaas nito sa layuning mapaglaanan ng Barangay Bagumbayan ang mga programa, proyekto at gawaing pangkaunlaran ng nabanggit na barangay sa taong ito;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar, Ricardo B.Ramirez at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 3-T'2001 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 2-T'2001 ng Sangguniang Barangay Bagumbayanl na nagpapatibay ng halagang P300,272.00 mula sa 20 bahagdang kabahagi ng rentas internas upang ilaan sa mga programa, proyekto at gawaing pangkaunlaran ng nabanggit na barangay sa taong 2001.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagaluos at Sang. Barangay Bagumbayan. lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan